

Mga Salitang Hindi Maisasalin: Ang Natatanging Kagandahan ng mga Wikang Katutubo

Lizabeth G. Ringor

Zamboanga Peninsula Polytechnic State University, R.T. Lim Boulevard, Baliwasan Zamboanga City 7000

Corresponding email: lringor@zppsuh.edu.ph

May mga salitang madaling isalin. Mayroon ding mga salitang kahit gaano kahusay ang tagasalin ay hindi ganap na maipapasa ang buong kahulugan sa ibang wika. Hindi dahil kulang ang bokabularyo ng tagasalin, kundi dahil may mga konseptong nakaugat sa isang partikular na kultura, karanasan, at paraan ng pagtingin sa mundo. Sa mga wikang katutubo sa Pilipinas, ang ganitong mga salita ay mahalagang paalala na ang wika ay hindi lamang koleksiyon ng mga termino. Ito ay imbakan ng karanasan at kultura.

Ang tinatawag na “untranslatable” na salita ay hindi nangangahulugang imposibleng maipaliwanag. Sa halip, maaaring walang isang salita sa target language na kayang tumbasan ang buong kahulugan ng source word. Sa pagsusuri ni Hernandez (2023) tungkol sa mga salitang Tagalog na mahirap isalin, ipinakita na maaaring magkaroon ng cultural untranslatability kapag magkakaiba ang material referent, semantic meaning, o lexical productivity ng dalawang wika. Halimbawa, may mga konseptong umiiral sa isang kultura ngunit walang eksaktong katumbas sa ibang kultura.

Makikita ito maging sa mga simpleng salita na may malalim na kontekstong pangkultura. Ang isang salita ay maaaring tumukoy hindi lamang sa isang bagay kundi sa paraan ng paggamit nito, kaugnayan nito sa pamumuhay, at emosyonal na kahulugang ibinibigay rito ng isang komunidad. Sa ganitong kalagayan, ang pagsasalin ay hindi lamang paghahanap ng katumbas na salita. Ito ay proseso ng pag-unawa sa mundong pinagmulan ng salita.

Mahalaga ito sa mga katutubong wika dahil ang bokabularyo ay maaaring maglaman ng kaalamang hindi madaling makita sa dominanteng wika. Sa pag-aaral nina Bonifacio et al. (2021) sa Binukid language ng Bukidnon at Talaandig communities, kabilang sa language training ang mga salitang may kaugnayan sa katawan, pagkain, direksiyon, kulay, hayop, halaman, relasyon, pananamit, panlasa, at mga panahon. Ipinakita ng kanilang intervention na maaaring mapaunlad ang indigenous language conversation skills sa pamamagitan ng organisado at community-informed na pagtuturo.

Ang ganitong bokabularyo ay hindi lamang listahan ng mga salitang kailangang kabisaduhin. Nakaugat ang mga ito sa aktuwal na pamumuhay. Kapag ang isang salita para sa isang pagkain, halaman, ritwal, o partikular na karanasan ay hindi na ginagamit ng kabataan, maaaring hindi lamang salita ang nawawala. Maaari ring humina ang ugnayan ng kabataan sa kaalamang nakapaloob sa salitang iyon.

Ipinakita ni Henne-Ochoa (2018) na ang language revitalization ay hindi dapat nakatuon lamang sa language-as-code approach. Mahalaga ring bigyang-pansin ang traditional ways of speaking—ang mga paraan ng pagkukuwento, pakikipag-usap, at

paggamit ng wika na bahagi ng Indigenous cultural practices. Kung ang isang wika ay pananatilihin lamang bilang grammar at vocabulary ngunit mawawala ang tradisyonal na paraan ng paggamit nito, hindi ganap na napapanatili ang kulturang kinakatawan nito.

Sa Pilipinas, mahalaga rin ang pag-iingat laban sa linguistic hierarchy. Ayon kay Garcia (2017), ang pagtuon sa Tagalog bilang batayan ng Filipino ay maaaring magtabi sa iba pang lokal na wika at sa kanilang mga oratura at literatura. Ipinapaalala nito na ang pagpapalakas ng Filipino bilang pambansang wika ay hindi dapat mangahulugan ng pagpapaliit sa halaga ng iba pang wikang Pilipino. Ang bawat wika ay may sariling kakayahang magbigay-kahulugan sa karanasan ng mga taong gumagamit nito.

Dahil dito, mahalaga ang translation ngunit kailangan itong gawin nang may cultural sensitivity. Kapag nagsasalin ng katutubong salita, maaaring kailanganin ang pagpapaliwanag sa halip na isang simpleng katumbas. Maaari ring gamitin ang original term kasama ang contextual explanation upang mapanatili ang natatanging kahulugan nito. Sa ganitong paraan, hindi pinipilit ang isang salita na magkasya sa konseptong hindi naman bahagi ng pinagmulan nitong kultura.

Mahalaga rin ang dokumentasyon. Kapag itinatala ang mga katutubong salita kasama ang kanilang kahulugan, gamit, kuwento, at cultural context, nagkakaroon ang susunod na henerasyon ng pagkakataong maunawaan hindi lamang kung ano ang isang salita kundi kung bakit ito mahalaga. Ang community participation ay partikular na mahalaga. Sa pag-aaral nina Villaluz et al. (2022) sa Talaandig community sa Bukidnon, ipinakitang ang aktibong pakikilahok ng parents, teachers, leaders, at cultural practitioners ay nakatulong sa pagbuo ng reading materials at language-learning resources na nakaugat sa indigenous culture.

Sa huli, ang mga salitang “hindi maisasalin” ay hindi problema na kailangang burahin. Maaari silang maging paanyaya upang mas kilalanin ang kulturang pinagmulan nila. Kapag walang eksaktong katumbas ang isang salita, ipinapaalala nitong may karanasan ang isang komunidad na maaaring hindi pa natin lubos na nauunawaan.

Ang tunay na kagandahan ng mga wikang katutubo ay hindi lamang nasa dami ng kanilang mga salita. Nasa kakayahan ng mga salitang iyon na magdala ng alaala, kaalaman, lugar, relasyon, at pananaw sa mundo. At kung minsan, ang pinakamagandang paraan upang isalin ang isang salita ay hindi ang palitan ito ng ibang salita, kundi ang pakinggan ang kuwentong nakapaloob dito.

References

- Bonifacio, R. M., Zaman, D. J. M. R., Prantilla-Arambala, M. D., & Zarate, M. S. (2021). Effects of indigenous language conversation skills enhancement program among Bukidnon and Talaandig youths in the Philippines. *Ampersand*, 8, 100076. <https://doi.org/10.1016/j.amper.2021.100076>
- Garcia, J. N. C. (2017). Translation and the limits of minority discourse in the Philippines. *Continuum: Journal of Media & Cultural Studies*, 31(1), 24–32. <https://doi.org/10.1080/10304312.2016.1262093>
- Henne-Ochoa, R. (2018). Sustaining and revitalizing traditional Indigenous ways of speaking: An ethnography-of-speaking approach. *Language & Communication*, 62, 66–82. <https://doi.org/10.1016/j.langcom.2018.07.002>

- Hernandez, J. F. (2023). Lost for words. In *Translation Studies in the Philippines: Navigating a Multilingual Archipelago*. Routledge.
- Villaluz, G. D., Tagalog, R. M. P., & Saway, A. L. (2022). Engaging Indigenous community towards a Talaandig language learning and cultural sustainability. *Asia-Pacific Journal of Community Engagement*, 7(2).

ARTICLE DETAILS

PG-0000018; Received: January 26, 2026; Accepted: January 27, 2026; Published: January 29, 2026

CITATION:

Ringor, L. G. (2026). *Mga Salitang Hindi Maisasalin: Ang Natatanging Kagandahan ng mga Wikang Katutubo*. *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry*. DOI: 10.64591/npd9q938

COPYRIGHT

Copyright © 2026 by author(s). *Pinas Gazette: Essay, Stories, and Poetry* is published by Harness Mind Publishing. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.